

Ulat sa Pagbago ng Mga Detalye ng isang Botante sa Isang Heograpikal na Konstituwensya

MAHALAGA: Mangyaring basahin ang kasamang mga ng patnubay bago kumpletuhin sa MALALAKING TITIK ang application form na “Ulat sa Pagbabago ng Mga Detalye ng isang Botante sa isang Heograpikal na Konstituwensya” (REO-2). Dapat kang magbigay ng malinaw at eksaktong impormasyon upang makapagparehistro bilang botante. Ang hindi malinaw at di eksaktong impormasyon ay maaaring humantong sa hindi matagumpay na pagbabago ng mga detalye. Ang taong sadya o walang ingat na gumagawa ng anumang hindi totoo o hindi tamang pahayag o nagbibigay ng impormasyon na mali o nakalilito ay nagkamit ng isang pagkakasala sa ilalim ng batas. Ang isang rehistradong botante na nag-aaplay upang **mapalitan ang nakarehistrong address** ay **dapat** na maglakip sa kanyang application form ng kanyang katibayan sa pangunahing tinutuluyang address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan at kung hindi ay di-isaalang-alang ng Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ang aplikasyon. Mangyaring sumangguni sa (Note 7) para sa mga tanggap na katibayan ng address at mga detalye ng exemption sa pangangailangan ng katibayan sa address para sa mga awtorisadong naninirahan sa pampublikong paupahang pabahay.

Ang application form na REO-2 ay naglalaman ng sumusunod na mga impormasyon:

- a) Numero ng Hong Kong Identity Card (kasama na ang Unlapi, Numero, at Numero ng Tseke);
- b) Kasarian (Lalaki/Babae);
- c) Apelyido;
- d) Ibang mga Pangalan sa kabuuan;
- e) Address ng Tirahan sa Hong Kong [Note 7] {kasama ang Flat/Silid, numero ng Palapag na nakasaad sa elevator, Block, Pangalan ng Gusali, Pangalang ng Estate / Numero at Pangalan ng Village, Numero at Pangalan ng Kalye / Numero ng Lote, Lugar at Pangalan ng Distrito, sa Hong Kong Island/Kowloon/New Territories (tanggalin kung naaangkop)};
- f) Numerong Matatawagan (kabilang ang Numero ng Telepono sa Bahay, Numero ng Cellphone, Numero ng Telepono ng Tanggapan at Numero ng Fax);
- g) E-mail Address ¹;

¹ Kung sumasang-ayon ka na ibigay ang e-mail address sa mga kandidato ng mga may kinalamang konstituwensya para sa layunin ng pagpapadala ng mga paalala na may kaugnayan sa mga gawain ng halalan, mangyaring lagyan ng “ ” ang kahon sa ibaba ng E-mail Address sa application form. Ipapabatid ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan sa mga may kinalamang kandidato na pinili mong makatanggap ng mga paalala sa halalan sa pamamagitan ng email at hikayatin silang gumamit ng e-mail sa halip na maghatid ng koreo para sa pagpapadala ng impormasyon sa iyo. Mangyaring tandaan na ang mga kandidato ay may pagpapasiya na magpadala ng mga kopya ng paalala sa halalan sa pamamagitan ng koreo (kabilang ang mga botante na piniling makatanggap ng mga paalala sa e-mail). Kung hindi ka maglalagay ng kudlit sa kahon, ang e-mail address ay gagamitin lamang ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan para sa komunikasyon.

² Mangyaring ipahiwatig ang iyong kagustuhan sa pamamagitan ng paglalagay ng “ ” sa naaangkop na kahon sa ilalim ng “KAGUSTUHAN SA WIKA PARA SA KOMUNIKASYON KAUGNAY SA HALALAN” sa application form para sa Tsino o Ingles

- h) Piniling Wika para sa mga Komunikasyong may kaugnayan sa Halalan² [Note 9];
- i) Petsa (kabilang ang Araw, Buwan, at Taon); at
- j) Lagda ng Aplikante [Note 12].
- k) Pahayag

Ipinahahayag ko na ang mga detalye na inilagay sa form na ito ay totoo at eksakto at na

(a) Ang address ng tirahan na inilagay sa itaas ay ang aking tanging address o pangunahing address sa Hong Kong; at

(b) Ako ay karapat-dapat na marehistro bilang isang botante sa isang heograpikal na konstituensya [Tanda 5];

(c) Ako ay hindi napapailalim sa anumang diskuwalipikasyon mula sa pagpaparehistro [Tanda 6].

Ang aking pahintulot at awtorisasyon ay ibinigay sa Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan, sa pagtatasa ng aking pagiging karapat-dapat para sa pagpaparehistro bilang isang botante, upang ihambing at suriin ang aking personal na datos na inilagay dito sa application form na ito kabilang ang mga personal na datos na nakolekta ng ibang mga organisasyon para sa anumang layunin upang mapatunayan kung ang naturang datos ay totoo at eksakto. Sa kaso ng kasinungalingan o nakalilitong na sitwasyon, ang Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyon laban sa akin ayon sa naturang datos. Ako ay hayagang sumasang-ayon na ang mga kaugnay na kagawaran ng gobyerno (kabilang ang ngunit hindi limitado sa Immigration Department, Kagawarang Pabahay at Kagawarang Pantahanan) o anumang iba pang mga pampublikong/pribadong (mga) organisasyon (kabilang ang ngunit hindi limitado sa Hong Kong Housing Society), ay maaaring ilabas ang aking personal na datos sa Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan, upang maihambing at masuri ng kagawarang ito ang mga naturang datos sa mga nasa application form kapag pinoproseso ang aplikasyon at ina-update ang rehistro ng botante at mga talaan na kaugnay sa halalan taun-taon. [Tanda 13]

Mga Patnubay

- (1) Ang application form na ito ay para sa nakarehistrong botante na nag-uulat ng pagbago sa kanyang mga detalye. **Kung ikaw ay hindi rehistradong botante at nagnanais magparehistro sa isang heograpikal na konsituensya, dapat mong kumpletuhin ang application form na “Aplikasyon para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Heograpikal na Konstituensya)” (REO-1) sa halip na ang application form na ito.**
- (2) Ang ganap na rehistro ng mga botante ay ilalathala sa Setyembre sa taong gaganapin ang Ordinaryong Halalan ng Konsehong Pandistrito (hal. Taon ng Halalan sa Konsehong Pandistrito), samantalang kapag hindi taon ng Halalan sa Konsehong

Pandistrito, ang pinal na rehistro ng mga botante ay ilalathala sa Hulyo. Sa bagay na ito, ang mga naisabatas na deadline para sa pag-ulat ng mga rehistradong botante upang mabago ang tinutuluyang address o iba pang mga personal na detalye ay ang mga sumusunod:

Taong Halalan para sa Konsehong pandistrito: **ika-2 Hunyo***

Taong Halalan para sa Di-konsehong pandistrito: **ika-2 Abril***

Maaari mong tingnan ang iyong pinakabagong mga detalye sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng Online Voter Information Inquiry (www.voterinfo.gov.hk) sa pagtawag sa Hotline sa Pagtatanong ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan (2891 1001). Ang mga botante ay mayroong responsibilidad na i-update ang kanilang mga detalye sa pagpaparehistro sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan sa lalong madaling panahon kung ang mga detalye tulad ng address ng tirahan ay nagbago.

*Ang mga huling-araw na ito ay iba sa mga naisabatas na huling-araw ng aplikasyon sa panibagong rehistrasyon.

- (3) Ang mga huling-araw sa itaas ay tumutukoy sa mga petsa kung saan ang aplikasyon ay umaabot sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan. Ang mga aplikasyon na makakarating sa ito pagkatapos ng mga petsa na nabanggit sa itaas ay isasaalang-alang para sa layunin ng pag-ipon ng rehistro ng mga botante para sa susunod na taon.
- (4) **Kung hindi ka nakatanggap ng anumang tugon mula sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan 14 na araw matapos ipasa ang application form na ito, maaari mong tawagan ang Holine ng Pagtatanong 2891 1001 upang suriin ang progreso ng iyong aplikasyon.**
- (5) Sa pangkalahatan, ikaw ay karapat-dapat na mairehistro bilang isang botante sa isang heograpikal na konstituensya kung:
 - (a) ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong Special Administrative Region ayon sa paliwanag ng Ordinansa sa mga Pasaporte ng Hong Kong Special Administrative Region (Cap. 539); at
 - (b) ikaw ay karaniwang naninirahan sa Hong Kong; at
 - (c) ikaw ay 18 taong gulang o magiging 18 taong gulang sa o bago ang Setyembre 25 (para sa taon ng Halalan ng Konsehong Pandistrito) **Q** sa ika-25 ng Hulyo (para sa taon na Hindi Halalan ng Konsehong Pandistrito) kasunod ng iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro; at
 - (d) ikaw ay may dokumento ng pagkakakilanlan, hal. isang permanenteng Hong Kong

identity card; at

(e) ikaw ay hindi napapailalim sa anumang diskuwalipikasyon mula sa pagpaparehistro (Tanda 6).

Para sa mga katanungan tungkol sa katayuan ng permanenteng residente, mangyaring tumawag sa hotline ng Immigration Department: 2824 6111

(6) Sa pangkalahatan, ang mga taong diskwalipikado sa pagpaparehistro ay kabilang ang mga taong:

(a) matatagpuan sa ilalim ng Ordinansa sa Kalusugan ng Pag-iisip (Cap. 136) na walang kakayahan, dahil sa kakulangan sa kaisipan, sa pamamahala at pangangasiwa ng kanilang ari-arian at mga pamumuhay;

(b) kasapi ng anumang sandatahang lakas.

(7) **Patunay ng Address**

(a) Ikaw ay ilalaan sa heograpikal na konstituensya ng Batasang Konseho at ng konstituensya ng Konsehong Pandistrito na iyong kinabibilangan ayon sa address ng iyong tirahan na dapat na iyong pangunahing tirahan sa Hong Kong lamang, hal. isang bahay sa Hong Kong kung saan ka naninirahan at ito ang iyong tangi o pangunahing tahanan. Ang address ng tirahan ay ibibigay sa mga kandidato ng mga may kinalamang konstituensya para sa layunin ng pagpapadala ng mga patalastas sa halalan.

(b) Mangyaring ipagbigay-alam sa Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa application form at paglakip ng iyong katibayan nga address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan para sa anumang susunod na pagbabago ng address ng tirahan sapagkat maaari itong mangahulugan sa pagbabago ng konstituensya na iyong kinabibilangan.

(c) Tinatanggap ng Tanggapang Pagpaparehistro at Halalan ang mga dokumento sa ibaba na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (ang petsa kung kailan tinanggap ng Tanggapang Pagpaparehistro at Halalan ang tatanggapin bilang petsa ng pagsumite ng form) :

(i) Isa sa mga sumusunod na dokumento na nagsasaad ng pangalan ng botante at pangunahing tirahan (ang pangalan at address na naka-print sa dokumento ay dapat na pareho sa inilagay sa application form)-

1. ang mga bayarin o invoice na inisyu ng mga pampublikong organisasyon (hal. bayarin sa tubig, kuryente, o gasolinahan);

2. mga sulat galing sa mga kagawaran ng gobyerno o ng Hukuman;
 3. mga pahayag o sulat na inisyu ng mga bangko, kompanya ng insurance o mga inaprubahang Trustee ng Mandatory Provident Fund;
 4. mga bayarin sa teleponong landline, cellphone, binabayarang serbisyo sa telebisyon at internet;
 5. mga dokumento o bayarin na inisyu ng mga lokal na institusyong post-secondary kung saan maaaring makumpirma ang pagkawasto sa pamamagitan ng pagberipika sa tinutuluyang address ng botante;
 6. wasto at “naselyohang” (para sa stamp duty) kasunduhan sa pangungupahan (ang pamantayan na inisyu sa loob ng 3 buwan bago ang petsa ng pagsumite ng aplikasyon ay hindi sapilitan ngunit ang naturang pangungupahan ay dapat na sumasaklaw sa petsa ng aplikasyon); o
 7. mga bayarin, sulat o iba pang dokumento na inisyu ng mga pampublikong organisasyon tulad ng Awtoridad sa Ospital, Kagawarang Pabahay, Hong Kong Housing Society, Hong Kong Examinations and Assessment Authority, atbp; o
- (ii) Patunay ng address na may pangalan at tinutuluyang address ng taong naninirahang kasama ng botante, at isang deklarasyong pinirmahan ng botante upang kumpirmahin na ang naturang ibang tao ay nakatira kasama ang botante sa parehong address na nakasaad sa itaas at ang kalakip na katibayan sa address ay isang kumpleto at pinatotohanang kopya o tunay na kopya ng orihinal. Maaring ma-download ang halimbawang deklarasyon mula sa website ng Tanggapan ng Pagpaparehistro (<http://www.reo.gov.hk/en/voter/dra.htm>); o
- (iii) Kung ang botante ay hindi makapagpakita ng anumang mga dokumento na nakalista sa (i) o (ii) sa itaas, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan ay maaari ding tumanggap ng isang naaayon sa batas na deklarasyong mula sa botante na ginawa sa harap ng isang Commisioner for Oaths/may lisensyang abugado/ Hukom upang mapatunayan ang paninirahan sa isang address ayon sa Oaths and Declarations Ordinance (Cap.11). Mayroong mga libreng serbisyo para sa mga miyembro ng publiko na nangangailangang gumawa ng mga sinumpaang deklarasyon sa mga Tanggapang Pandistrito. Ang mga halimbawa ng sinumpaang deklarasyon ay maaaring ma-download mula sa website ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan (<http://www.reo.gov.hk/en/voter/dra.htm>).

- (d) Ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan ay tumatanggap ng orihinal, kopya o kopyang fax ng mga nabanggit na dokumento bilang wastong patunay ng address.
- (e) Para sa mga awtorisadong botanteng naninirahan sa pampublikong paupahang pabahay ng Kagawaran ng Pabahay o mga rehistradong residente ng subsidized housing sa ilalim ng Hong Kong Housing Society na nag-aaplay na mabago ang rehistradong address, kung saan ang kanilang mga address sa talaan ng pangungupahan ay tugma sa tinutuluyang address na ibinigay ng mga botante, ang mga kinakailangang katibayan ng address para sa mga naturang mga botante ay maaaring di na kakailanganin. Paunawa: Ang mga residente ng mga yunit ng pabahay sa ilalim ng Home Ownership Scheme o mga yunit ng pampublikong pabahay na ibinebenta (hal. mga flat sa ilalim ng Tenants Purchase Scheme) ay hindi saklaw ng exemption at ang mga naturang botante ay dapat magbigay ng balidong patunay ng address. Para sa mga kaso kung saan ang Opisyal ng Pagpaparehistro sa Eleksyon ay hindi makapagsuri ng mga detalye ng botante kung ito ay tugma sa datos ng kaugnay na departamento / organisasyon, maaaring hilingin ng Opisyal ng Pagpaparehistro ng Halalan sa botante na magbigay ng patunay ng address kapag nag-aaplay na mabago ang nakarehistrong address sa ilalim ng seksyon 10At ng Komisyong Panghalalan (Pagpaparehistro ng mga Botante)(Heograpikal na Konstituwensya ng Batasang Konseho)(Konseho ng Pandistritong Konstituwensya) Regulation (Cap. 541A).
- (8) (a) Ayon sa seksyon 19 ng Komisyong Panghalalan (Pagpaparehistro) (Mga Botante para sa Panggawaing Konstituwensya ng Batasang Konseho) (Mga Botante para sa Halalan ng mga Subsektor ng Komite) (Mga Miyembro ng Komite ng Halalan) Regulasyon (Cap. 541B), ang taong nag-aapply para sa pagpaparehistro sa isang heograpikal na konstituwensya ay ituturing din nakapag-apply para sa pagpaparehistro bilang botante para sa Konsehong Pandistrito (Pangalawa) Panggawaing Konstituwensya. Kung pinili mong huwag magparehistro bilang botante sa (Pangalawa) Panggawaing Konstituwensya ng Konsehong Pandistrito, dapat mong kumpletuhin ang application form “Ulat sa Pagbabago ng mga Partikular ng Indibidwal sa isang Panggawaing Konstituwensya at/o isang Subsektor ng Komite ng Halalan /Pag-alis ng Rehistro o ‘di-Pagpaparehistro para sa (Pangalawa) Panggawaing Konstituwensya ng Konsehong Pandistrito” (REO-43).
- (b) Kung ikaw ay isang nakarehistrong botante sa isang heograpikal na

konstituwensya (at hindi nakarehistro alinman sa mga panggawaing konstituwensya) at nais mong mairehistro bilang isang botante sa Konsehong Pandistrilo (Pangalawa) Panggawaing Konstituwensya o isa pang tradisyunal na panggawaing konstituwensya (hal. isang panggawaing konstituwensya maliban sa Konsehong pandistrilo (Ikalawa) ng Panggawaing Konstituwensya) / subsector, dapat mong kumpletuhin ang application form na "Aplikasyon ng isang Indibidwal para sa Pagpaparehistro sa isang Panggawaing Konstituwensya at / o isang Subsector na Komite ng Halalan" (REO-41)

(c) (i) Kung ikaw ay isang nakarehistrong botante sa tradisyunal na panggawaing konstituwensya / subsector at nais mong magparehistro sa Konsehong Pandistrilo (Ikalawa) ng Panggawaing Konstituwensya, o sa isa pang tradisyunal na panggawaing konstituwensya / subsector; o

(ii) kung ikaw ay isang nakarehistrong botante sa Konsehong Pandistrilo (Ikalawa) ng Panggawaing Konstituwensya at nais mong magparehistro sa isa pang tradisyunal na panggawaing konstituwensya / subsector, o magpatanggal ng rehistro sa Konsehong Pandistrilo (Ikalawa) ng Panggawaing Konstituwensya.

dapat mong kumpletuhin ang application form na "Ulat sa Pagbago ng Mga Partikular ng Isang Indibidwal sa isang Panggawaing Konstituwensya at / o isang Subsector ng Komite sa Halalan / Pagpatanggal ng Rehistrasyon o Dipagrehistro sa konsehong pandistrilo (Ikalawa) ng Panggawaing Konstituwensya " (REO-43).

- (9) Karaniwan, ang mga komunikasyon na may kaugnayan sa halalan na ibinigay sa mga botante ng Tanggapan ng Pagpaparehistro ay nasa wikang Tsino at Ingles. Ang pagkakaroon ng mapagpipiliang wika ay upang mapadali ang komunikasyon sa iyo ng mga kandidato sa halalan sa wikang iyong pinili. Kung hindi mo makumpleto ang bahagi na ito, ipagpapalagay na ang iyong ginustong wika ay Tsino.
- (10) Mangyaring magbigay lamang ng isang address sa pakikipagsulatan kapag walang serbisyong koreo sa address ng iyong tirahan. Huwag sulatan ang bahaging ito ng "CORRESPONDANCE ADDRESS" kung hindi mo natugunan ang nasabing pamantayan.
- (11) Ang mga talang ito ay para sa pangkalahatang gabay lamang. Ang mga aplikante ay

dapat ding sumangguni sa Ordinansa ng Pambatasang Konseho (Cap. 542), ang Ordinansa ng Komisyong Panghalalan (Cap. 541) at mga pagsasabatas na ginawa sa ilalim nito.

- (12) Ang application form na ito ay dapat lagdaan ng aplikante; kung walang lagda ito, hindi ipoproseso ng Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ang iyong aplikasyon.
- (13) Sa pagtatasa ng iyong pagiging karapat-dapat na magparehistro bilang isang botante, ihahambing at susuriin ng Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ang iyong personal na datos mula sa application form at ang iyong personal na datos na nakolekta ng ibang mga organisasyon para sa anumang iba pang mga layunin upang matiyak kung ang mga datos ay totoo at tumpak, kung ang mga ito ay huwad o mapanlinlang, upang magbase sa mga datos na ito para gumawa ng naaangkop na aksyon laban sa iyo. Sa pagpirma sa application form, iyong pinahihintulutan ang Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan na lumapit sa iba pang mga kagawaran ng gobyerno o mga pampublikong / pribadong organisasyong may kinalaman na kumuha ng patunay sa datos na nakolekta at katibayan nito, at malinaw mong sinang-ayunan na ang mga kaugnay na kagawaran ng gobyerno (kabilang ngunit hindi limitado sa Immigration Department, Kagawaran ng Pabahay at Kagawarang Pantahanan) o anumang ibang (mga) pampublikong / pribadong organisasyon (kabilang ang ngunit hindi limitado sa Hong Kong Housing Society), ay maaaring ibigay ang iyong personal na datos sa Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan upang ihambing at i-check ng Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ang naturang datos doon sa mga nasa application form habang pinoproseso ang aplikasyon na ito at ina-update ang rehistrasyon ng botante at mga tala na kaugnay sa halalan taun-taon.
- (14) Bilang karagdagan sa pagpapadala ng mga nakasulat na pahiwatig ng pagpaparehistro pagkatapos makumpleto ang pagproseso ng aplikasyon para sa pagbabago ng mga detalye ng rehistrasyon, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan ay magpapaalam sa mga bumoto sa pamamagitan ng mensahe at / o e-mail (kung ang mga botante ay nagbigay ng naturang impormasyon) na ang kanilang mga detalye sa rehistrasyon ay na-update.
- (15) Para sa mga katanungan tungkol sa pagpaparehistro ng botante, tumawag sa 2891 1001

Pahayag sa Pagkolekta ng Personal na Impormasyon

Layunin ng Pagkolekta

Ang personal na datos at iba pang kaugnay na impormasyon at patunay ng address (kung naaangkop) na inilagay mo sa Form (REO-2) na ito ay gagamitin ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan para sa pagpaparehistro ng botante at iba pang layunin na may kinalaman sa halalan. Ang pagkakaloob ng personal na datos at iba pang kaugnay na impormasyon sa pamamagitan ng Form na ito ay kusang-loob. Gayunpaman, kung hindi ka nagbigay ng sapat at tumpak na datos ay maaaring hindi namin maproseso ang iyong aplikasyon. Kung naaprubahan ng Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ang iyong aplikasyon, ang iyong pangalan at tinutuluyang address ay isasama sa isang rehistro at magagamit para sa pampublikong inspeksyon

Kung kinakailangan, ang Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan ay maaaring mangailangan ng pampublikong awtoridad (kabilang ang ngunit hindi limitado sa Department of Immigration, Kagawarang Pantahanan, Kagawarang Pabahay at Hong Kong Housing Society atbp) upang ibigay ang iyong personal na datos para sa pagtutugma ng datos kapag naghahanda ng rehistro.

Sinumang tao na gumamit ng personal na datos na nakasaad sa form na ito nang walang hayag na pahintulot ng taong paksa ng datos para sa anumang layunin bukod sa mga layuning nakasaad sa itaas ay maaaring lumalabag sa Ordinansa ng Personal na Datos (Privacy) (Cap 486).

Paglipat ng Impormasyon

Kung kinakailangan, ang impormasyong ibinigay mo ay maaaring ibigay sa iba pang mga awtorisadong departamento / organisasyon / tao para sa pagrehistro ng botante at iba pang layunin ng halalan sa ilalim ng mga kaugnay na Ordinansa at / o mga karagdagang batas at lahat ng mga layuning may kaugnayan dito.

Access sa Personal na Datos at Pagtatanong

May karapatan kang humiling ng access sa, at hilingin ang pagwawasto ng, personal na datos at iba pang kaugnay na impormasyong ibinigay mo alinsunod sa mga probisyon ng Ordinansa ng Personal na Datos (Privacy) (Cap 486). Ang mga naturang kahilingan at mga pagtatanong ay dapat gawin sa pamamagitan ng pagsulat sa Opisyal ng Pagpaparehistro sa Halalan sa 10th Floor, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong.